Maligayang pagdating sa SF City Option

SF CityOption
THE EMPLOYER'S HEALTH CARE CHOICE

Ano ang SF City Option?

Ang SF City Option ay isang programang maaaring gamitin ng Mga Employer para sa pagbibigay ng benepisyong pangkalusugan sa kanilang Mga Empleyado na nagtatrabaho sa San Francisco. Maaari kang bigyan ng iyong kumpanya ng benepisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng SF City Option lang o kasabay ng iba pang benepisyong pangkalusugan tulad ng insurance sa kalusugan.

Paano gumagana ang SF City Option?

1	**EMPLOYER**	Nagbibigay ng bayad sa SF City Option sa ngalan ng Empleyado.
2	**SF CITY OPTION**	Nagpapadala ng Welcome Letter sa Empleyado.
3	**EMPLEYADO**	Sumusunod sa mga tagubilin para sa pagpapatala sa isang SF City Option's SF MRA.

Available ang mga resource at suporta sa customer ng SF City Option sa English, Spanish, Chinese, at Tagalog. Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasalin ng dokumentong ito sa ibang wika, mangyaring makipag-ugnayan sa SF City Option sa **1(877) 772-0415**.

Paano ako magpapatala?

- Pagkatapos magbigay ng iyong employer ng unang kontribusyon sa SF City Option[1] makakatanggap ka ng Welcome Letter sa koreo.
- Hihilingin sa iyong magbigay ka ng impormasyon sa SF City Option para maitala ka namin sa isang Medical Reimbursement Account (SF MRA).
- Kahit umalis ka sa trabaho, posibleng magamit mo pa rin ang SF City Option's SF MRA[2].

Kontribusyon ng employer → Welcome Letter → Magpatala sa SF MRA → SF City Option na benepisyo

Benepisyo

SF MRA
YOUR ACCOUNT FOR HEALTH COSTS

Ang SF MRA ay isang account sa pangangalagang pangkalusugan na maaaring magamit para mabayaran ka para sa mga kwalipikadong gastusin sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring ikaw ang gumamit nito, ang iyong asawa o domestic partner at ang iyong mga dependent. Kabilang sa mga kwalipikadong gastusin ang medikal na gastusin, gastusin sa dentista, pangangalaga sa paningin, at wellness.

Bisitahin ang **sfcityoption.org** para sa karagdagang impormasyon.

1. Karaniwang nagbibigay ang mga employer ng bayad sa SF City Option kada 3 buwan. Depende kung kailan kayo natanggap sa trabaho at sa iskedyul ng mga bayad ng inyong employer, maaaring magtagal ng 4 hanggang 7 buwan bago ang unang bayad ng inyong employer.
2. Kung nagtrabaho kayo para sa kompanya nang mas matagal kaysa 90 araw, maaaring kwalipikado kayo para sa isang benepisyo sa SF City Option.

334401 0521